# ITINATANGGI NG BIBLIYA ANG PAGKA-DIYOS NI HESUS (BAHAGI 1 NG 7): MGA MANUNULAT NG BIBLIYA

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Kung paanong ang mga manunulat ng Bibliya ay naniniwalang si Hesus ay hindi Diyos.

**Kategorya:** Mga Artikulo Paghahambing ng Relihiyon Hesus

**Ni:** Shabir Ally

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 16 Oct 2011

Ang mga Kristiyano at mga Muslim ay parehong naniniwala kay Hesus, nagmamahal sa kanya, at nagpaparangal sa kanya. Gayunpaman, sila'y nahahati sa katanungan patungkol sa kanyang pagkabanal.

Mabuti na lamang, ang pagkakaibang ito ay maaring maresolba kung ibabase natin ang tanong sa dalawa ?— sa Bibliya at sa Quran, dahil, ang Bibliya at ang Quran ay parehong nangangaral na si Hesus ay hindi Diyos.

Malinaw sa lahat na itinatanggi ng Quran ang pagka-Diyos ni Hesus, kaya hindi na natin kailangan ng maraming oras sa pagpapaliwanag nito.

Sa kabilang banda, marami sa mga tao'y namali ang pag-unawa sa Biblia; pakiwari nila'y ang paniniwala kay Hesus bilang Diyos ay laganap na akala nila ito'y mula sa Bibliya. Ang artikulo na ito'y nagpapakita ng lubos na mapananaligang 'yaon ay hindi itinuturo ng Bibliya.

Malinaw na ipinapangaral sa Biblia na si Hesus ay hindi Diyos. Sa Biblia, ang Diyos ay palaging iba na nakahihigit kay Hesus.

Ang ilan ay magsasabing ang sinabi o ginawa ni Hesus habang siya ay nasa mundo ay patunay na siya ay Diyos. Ipapakita namin na ang mga disipulo ay hindi umabot sa konklusyon na si Hesus ay Diyos. At sila ay ang mga taong namuhay at lumakad kasama si Hesus at sila ang unang nakakaalam kung ano ang kanyang sinabi at ginawa. Bukod pa rito, sinabi sa atin sa Aklat ng Mga Gawa sa Bibliya na ang mga disipulo ay pinapatnubayan ng banal na espiritu daw. Kung si Hesus ay Diyos, siguradong alam nila ito. Ngunit hindi. Patuloy silang sumasamba sa Tunay na Nag-iisang Diyos na Siyang sinamba ni Abraham, ni Moises, at ni Hesus (tingnan sa Mga Gawa 3:13).

Lahat ng mga sumulat ng Bibliya ay naniniwala na ang Diyos ay hindi si Hesus. Ang ideya na si Hesus ay Diyos ay hindi naging bahagi ng Kristiyanong paniniwala hanggang sa panahong naisulat na ang Bibliya, at ilang siglo pa ang dumaan bago ito naging parte ng paniniwala ng mga Kristiyano.

Si Mateo, Marcos, at Lucas, tatlong unang manunulat ng Ebanghelyo, ay naniniwala na si Hesus ay hindi Diyos (tingnan sa Marcos 10:18 at Mateo 19:17). Sila ay naniniwala na siya ay anak ng Diyos sa diwa na taong matuwid. Marami ring iba, ang katulad na tinawag ding mga anak ng Diyos (tingnan sa Mateo 23:1-9).

Si Pablo, ay pinaniniwalaan na siya'ng may-akda ng labing-tatlo o labing-apat na mga kasulatan sa Bibliya, ay naniwala ring si Hesus ay hindi Diyos. Para kay Pablo, nilikha muna ng Diyos si Hesus, pagkatapos ay ginamit si Hesus na kinatawan kung saan nilikha ang iba pang mga nilalang (tingnan sa Colosas 1:15 at 1 Corinto 8:6). Ang parehong kaisipan ay matatagpuan sa sulat sa mga Hebreo, gayundin sa Ebanghelyo at mga kasulatan ni Juan na unang naisulat mga pitumpong taon matapos ang panahon ni Hesus. Sa lahat na mga kasulatang ito, ay gayundin, si Hesus ay nananatiling isang nilikha ng Diyos at sa gayon ay nagpapasailalim sa lahat ng kagustuhan ng Diyos magpakailanman (tingnan sa 1 Corinto 15:28).

Ngayon, dahil si Pablo, Juan, at ang may-akda ng Hebreo ay naniniwala na si Hesus ay unang nilikha ng Diyos, ang ilan sa kanilang mga isinulat ay malinaw na nagpapakita na si Hesus ay isang makapangyarihang naunang nilalang. Ito ay madalas na namamali sa pagkakaunawa na siya marahil ay isang Diyos. Ngunit ang sabihin na si Hesus ay Diyos ay pagsalungat sa kung anumang isinulat ng mga may-akdang ito. Kahit pa ang mga manunulat na ito sa bandang huli ay nagkaroon ng paniniwala na si Hesus daw ay higit sa lahat ng mga nilikha, sila din ay naniniwala na siya ay mababa kaysa sa Diyos. Sa katunayan, binanggit sa Juan na si Hesus daw ay nagsabi: **"... ang Ama ay higit na dakila kaysa akin."** (Juan 14:28). At ipinahayag ni Pablo na ang pinuno ng bawat kababaihan ay ang kanyang asawa, at ulo ng bawat kalalakihan ay si Kristo, at ang ulo ni Kristo ay ang Diyos (tingnan sa Corinto 11:3).

Samakatuwid, kung makasumpong ng anuman sa mga kasulatang ito at sabihin na ito ay nagtuturo na si Hesus ay Diyos ay maling paggamit at maling pagsipi sa mga sinasabi ng mga manunulat na yaon. Anumang kanilang isinulat ay dapat na intindihin sa pag-unawang kaugnay ng kanilang paniniwala na si Hesus ay nilikha ng Diyos na kanila nang malinaw na sinabi.

Kaya't makikita natin, na ilan sa mga huling manunulat ay may mataas na pagtingin kay Hesus, ngunit wala sa mga unang nagsulat ng Bibliya ang naniniwalang si Hesus ay Diyos. Ang Bibliya ay malinaw na nagtuturong mayroong tunay na nag-iisang Diyos, Siya na sinamba ni Hesus (tingnan sa Juan17:3).

Sa iba pang bahagi ng artikulo na ito, ating sisiyasatin ang Bibliya nang mas malalim, at lilinawin ang mga binanggit na madalas mamali ang pagsipi bilang patunay sa pagka-Diyos ni Hesus. Ipapakita namin, sa tulong ng Diyos, na ang mga ito ay hindi nangangahulugan ng tulad sa madalas na pag-gamit sa mga ito bilang patunay.

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.islamreligion.com/tl/articles/662/itinatanggi-ng-bibliya-ang-pagka-diyos-ni-hesus-bahagi-1-ng-7

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.